Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-31 NG MAYO, 2022 SA GANAP NA IKA-10:28 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ---------------- | Pangulo-SKF |

## KAPASIYAHAN BLG. 18 T. 2022

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY DIRECTOR ARNEL V. DE MESA, REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE, REGIONAL FIELD OFFICE-IV-A SA PAMAMAGITAN NI BB. REDELIZA A. GRUEZO, REGIONAL HVCDP COORDINATOR NG BINHI NG MGA GULAY UPANG MAIPAMAHAGI SA MGA MAGSASAKA NG BAYAN NG LUMBAN**

**Akda ni: Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT,** malaking tulong sa kabuhayan ng mga magsasaka ng Bayan ng Lumban na sila ay mapagkalooban ng mga binhi ng mga gulay upang kung mamunga ng masagana ay maipagbibili sa Pamilihang Bayan;

**SAPAGKAT,** ang mga bungang maaani mula sa binhing itinanim ay magsisilbing karagdagang pagkain sa hapag kainan ng mga magsasaka ng Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan nina Kgg. Rhoda DM. Rabie, Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. at sinang-ayunan ng lahat ng Kagawad, ay;

**IPINASIYA,** tulad nang dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na hilingin kay Director Arnel V. de Mesa, Regional Executive Director ng Department of Agriculture, Regional Field Office-IV-A sa pamamagitan ni Bb. Redeliza A. Gruezo, Regional HVCDP Coordinator ng binhi ng mga gulay upang maipamahagi sa mga magsasaka ng Bayan ng Lumban tulad ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| 1. Kalabasa | - | 100 cans (500gm) |
| 2. Talong | - | 100 cans (100gm) |
| 3. Okra | - | 100 packs (1kg) |
| 4. Sitaw | - | 100 packs (1kg) |
| 5. Ampalaya | - | 100 cans (180gm) |
| 6. Kamatis | - | 100 cans (180gm) |

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON na pinamumunuan ni Director Arnel V. de Mesa at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-31 ng Mayo, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt053122res18*